

## **Programa sa Pagbubukod mula sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig**

Alinsunod sa Panukalang-batas ng Senado Blg. 998, binago ng Roseville Utilities ang aming proseso ng delingkuwensiya sa tubig para mabilang ang Programa sa Pagbubukod mula sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig (Water Utility Disconnection Exemption Program). Nakabalangkas sa ibaba ang mga detalye ng mga patakaran sa delingkuwensiya sa tubig ng Lungsod ng Roseville. Ang mga patakarang ito ay hindi naaangkop para sa pagtatapos ng koneksyon ng serbisyo ng dahil sa hindi awtorisadong pagkilos ng isang customer.

Ang Programa sa Pagbubukod mula sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig ay makukuha online at sa counter sa pagbabayad ng utilidad. Kailangang maipasa ang nakumpletong aplikasyon sa aming opisina sa o bago ang huling petsa ng pagbabayad upang maiwasan ang pagkaantala ng serbisyo. Ang aplikasyon sa programa ay nangangailangan ng patunay ng kita, pag-apruba ng doktor, at pagpayag sa pagpasok sa isang kasunduan sa pagbabayad. Kasama sa mga halimbawa ng mga pagpipiliang patunay ng kita ang: CalWorks, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, mga benepisyo ng Social Security, California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o ang taunang kita ng isang sambahayan na mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan.

### **Timeline ng Pagbabayad**

Nakatakda ang mga pagbabayad sa account ng serbisyo ng utilidad sa oras na matanggap ang invoice. Ang isang account ay maituturing na lagpas na sa takdang petsa kung ang kabayaran ay hindi natanggap sa o bago ang itinakdang petsa ng pagbayad sa bill, na dapat ay hindi bababa sa 21 araw mula sa petsa ng invoice.

Padadalhan ang mga customer ng paalala kung ang bayad ay hindi natanggap sa o bago ang itinakdang petsa ng pagbayad sa bill. Maaari ding malinaw na ipaskil ang isang abisong paalala sa lugar ng customer.

Ang mga pagbabayad para sa mga singilin ng utilidad na hindi natanggap sa takdang petsa ay mapapailalim sa isang singil para sa nahuling pagbayad, na idadagdag sa susunod na invoice para sa mga serbisyo.

### **Pagkakaantala ng Serbisyo**

Ang mga customer ng Roseville Utility na may mga account na binubuo ng serbisyo sa tubig lamang ay hindi mapapailalim sa pagkaantala ng serbisyo hanggang ang account ay lumampas sa takdang petsa nang hindi bababa sa 60 araw. Karagdagan sa mga ipinadala at awtomatikong tawag ng paalala, ilalagay ang abiso sa propyedad 15 araw bago ang pagkaantala ng serbisyo. Para sa impormasyon tungkol sa mga paraan upang maiwasan ang pagkakaantala ng serbisyo, mangyaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa (916) 774-5300 o (800) 767-3142.

### **Mga Kasunduan sa Pagbabayad**

Pinahihintulutan ng mga kasunduan sa pagbabayad ang amortisasyon ng hindi pa bayad na balanse sa loob ng maraming buwan, bilang tulong sa customer na gawing napapanahon ang kanilang account. Kapag nasa kasunduan sa pagbabayad, dapat magbayad ang mga customer ng mga bagong halaga ng bill sa o bago ang kanilang takdang petsa. Kung hindi makumpleto ng customer ang kasunduan sa pagbabayad matapos matugunan ang mga kinakailangang nakalista sa itaas para sa pagbubukod mula sa pagputol ng serbisyo sa tubig, mapapailalim ang customer sa mga proseso ng pagkolekta, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, koleksyon ng third party, paglalagay sa talaan ng ari-ariang may buwis (tax roll), atbp.

### **Pagtutol sa Mga Singil sa Utilidad**

Maaaring iapela ng may-ari o naninirahan sa anumang gusali, sa loob ng 20 araw ng pagsingil, ang mga singil sa utilidad ayon sa Seksyon 14.04.090 ng Kodigo ng Munisipalidad.

**Mga Lokasyon ng Pagbabayad**

Maaaring magbayad online sa [www.roseville.ca.us/billpay](http://www.roseville.ca.us/billpay), sa pamamagitan ng koreo, sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa (916) 774-5300 o (800) 767-3142, o pagbisita sa aming opisina sa 311 Vernon Street, Roseville, CA, 95661.

**Makipag-ugnayan sa Amin**

Lokasyon ng opisina: 311 Vernon Street, Roseville, CA, 95678

Oras ng opisina: Lunes – Biyernes 8:00am – 5:00pm

Linya ng Telepono: (916) 774-5300 o (800) 767-3142, Lunes – Biyernes 8:00am – 5:30pm